International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies (IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

# Pag-usad ng wika at panitikang Kapampangan: Pag-unawa sa kalagayan mula sa mga nabuong tematikong balangkas

Dr. Reggie O. Cruz*[1], Dr. Laarni C. Canare[2], Dr. Rommel P. Gana[3]
[1, 2] Bataan Peninsula State University Philippines [3] Pampanga Agricultural State University
*Corresponding Author email: *reocruz@bpsu.edu.ph*

**Received**: 11 February 2026 **Revised**: 15 March 2026 **Accepted**: 18 March 2026

**Available Online**: 23 March 2026

**Volume 1 (2026), Issue 1, P-ISSN – 3116-4390; E-ISSN - 3116-4404**

https://doi.org/10.63498/ijklchs3

**Abstrak**
**Layon:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang mga tematikong balangkas na may kaugnayan sa pagtataguyod ng wika at panitikang Kapampangan upang maunawaan ang kasalukuyang kalagayan nito at matukoy ang mga estratehiyang makatutulong sa pagpaparami ng mga nagsusulat at nagsasalita sa wikang Kapampangan bilang ambag sa pagpapayaman ng produksiyon ng panitikang rehiyonal.
**Metodolohiya:** Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman sa mga naunang pag-aaral at programang pangwika, kabilang ang tematikong balangkas sa pagpaparami ng mga manunulat sa wikang Kapampangan (Cruz, 2018) at ang Kapampangan Enhancement Activity na ipinatupad sa Kagawaran ng Edukasyon sa Lungsod ng Angeles, Pampanga (Calma at Cruz, 2019). Sinuri ang mga temang lumitaw upang matukoy ang mahahalagang hakbang sa promosyon ng pagsulat at paggamit ng wikang Kapampangan.
**Resulta:** Ipinakita ng pagsusuri ang mahahalagang temang nakatuon sa pagpapalakas ng adbokasiyang pangwika, integrasyon ng wikang Kapampangan sa edukasyon, at pagpapalaganap ng lokal na panitikan bilang mahalagang hakbang sa pagpapaunlad ng paggamit ng wika sa komunidad.
**Kongklusyon:** Ipinahihiwatig ng pag-aaral na mahalagang palakasin ang pakikipagtulungan ng mga samahang pangwika, paaralan, at pamahalaang lokal upang mapanatili at mapaunlad ang wikang Kapampangan. Sa pamamagitan nito, mapalalakas ang kamalayang kultural at maipapasa sa susunod na henerasyon ang pagmamahal sa panitikang Kapampangan bilang mahalagang bahagi ng pambansang identidad ng Pilipinas.
***Mahahalagang mga Salita:*** *Wikang Kapampangan, Panitikang Kapampangan, Araling Kapampangan, Tematikong Balangkas*

## PANIMULA

Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng pagpapatuloy ng identidad, kasaysayan, at kamalayang kultural ng isang pamayanan. Sa konteksto ng rehiyong Kapampangan, ang *Amanung Kapampangan*—ang wikang ginagamit ng mga Kapampangan sa Gitnang Luzon—ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng pagpapahayag ng karanasan, pananaw, at malikhaing imahinasyon ng mga mamamayan. Gayunpaman, tulad ng maraming rehiyonal na wika sa Pilipinas, nahaharap ang wikang Kapampangan sa hamon ng pagpapanatili ng paggamit nito sa larangan ng panitikan at akademikong diskurso, lalo na sa panahon ng mabilis na pagbabago ng teknolohiya, globalisasyon, at paglaganap ng dominanteng mga wika tulad ng Filipino at Ingles. Dahil dito, nagiging mahalaga ang pagsusuri sa kalagayan ng panitikang Kapampangan bilang bahagi ng mas malawak na usapin ng pangangalaga sa mga katutubong wika at pamana ng kultura.

Sa kasalukuyang diskurso ng panitikang Kapampangan, binigyang-diin ni Mallari (2021) ang pagkakaroon ng dalawang pangunahing pananaw hinggil sa pagpapalaganap ng panitikang lokal. Ang unang pangkat ng mga tagapagtaguyod ay naniniwala sa pagpapanatili ng tradisyunal na anyo ng panulaan, partikular sa paggamit ng *sukat at tugma* o ang metrikal at tugmaang estruktura ng tula na matagal nang bahagi ng estetikang pampanitikan ng mga Kapampangan. Para sa kanila, ang pangangalaga sa ganitong anyo ay mahalaga upang mapanatili ang kontinwidad ng tradisyon at ang natatanging identidad ng panitikang Kapampangan. Samantala, ang ikalawang pananaw ay nagmumungkahi ng pagbubukas ng panitikang Kapampangan sa mga bagong porma at estilong pampanitikan na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies (IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

higit na umaangkop sa sensibilidad ng kabataang manunulat at sa impluwensiya ng makabagong teknolohiya at digital na kultura. Sa ganitong perspektiba, ang modernisasyon ng panitikan ay nakikita bilang mahalagang hakbang upang mapanatiling buhay at makabuluhan ang panitikang lokal sa kontemporaryong panahon.

Ang tensiyong ito sa pagitan ng tradisyon at modernisasyon ay matagal nang kinakaharap sa panitikang Kapampangan. Sa naunang pag-aaral nina Gallardo at Mercado (1981), nabanggit na isa sa mga suliranin sa pagpapaunlad ng panitikang Kapampangan ay ang paglipat ng ilang manunulat sa paggamit ng Filipino o Ingles sa kanilang akda dahil sa mas malawak na oportunidad na komersiyal at publikasyon sa mga wikang ito. Dagdag pa rito, ipinakita rin sa pagsusuri ni De Ungria (2009) na ang panitikang Kapampangan ay nahaharap sa hamon ng pag-angkop sa nagbabagong panlasa ng mambabasa habang nananatiling nakaugat sa mga tradisyunal na porma ng panulaan. Sa kabila nito, ipinakita sa mga pag-aaral ni Cruz (2013) na patuloy pa ring nananatili ang impluwensiya ng tradisyunal na estruktura sa pagsulat ng mga tula sa Kapampangan kahit sa paggamit ng malayang taludturan, na nagpapakita ng patuloy na ugnayan ng tradisyon at pagbabago sa lokal na panitikan.

Sa larangan ng pag-aaral ng mga rehiyonal na wika at panitikan, kinikilala ng mga iskolar ng wika at kultura na mahalagang bahagi ng pangangalaga sa *intangible cultural heritage* ang pagpapaunlad ng lokal na panitikan at malikhaing pagsulat. Ang mga wikang panrehiyon tulad ng Kapampangan ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi tagapagdala rin ng mga alaala, pananaw sa mundo, at kolektibong karanasan ng isang pamayanan. Dahil dito, mahalaga ang mga inisyatiba na naglalayong hikayatin ang mga manunulat, guro, at kabataan na gamitin ang kanilang sariling wika sa malikhaing pagpapahayag at akademikong pananaliksik upang mapanatili ang sigla ng kanilang pamana ng kultura.

Sa kabila ng mga naunang pag-aaral hinggil sa kasaysayan at anyo ng panitikang Kapampangan, nananatiling limitado ang sistematikong pagsusuri sa mga tematikong balangkas na maaaring magsilbing gabay sa pagpapalawak ng produksiyon ng panitikang Kapampangan at sa paghikayat ng mga bagong manunulat sa lokal na wika. Higit ding kinakailangan ang mga pag-aaral na nag-uugnay sa panitikang Kapampangan at sa konteksto ng edukasyon upang mapalakas ang integrasyon ng *Amanung Kapampangan* sa pagtuturo at pagkatuto sa mga paaralan.

Kaugnay nito, layunin ng papel na ito na suriin ang dalawang pananaliksik na nagbunga ng mga tematikong balangkas batay sa mga kwalitatibo at kwantitatibong datos hinggil sa promosyon ng wika at panitikang Kapampangan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga balangkas na ito, inaasahang matutukoy ang mga estratehiya at adbokasiyang maaaring magamit ng mga edukador, manunulat, at tagapagtaguyod ng wika upang maparami ang mga nagsusulat sa wikang Kapampangan at mapalakas ang presensya nito sa konteksto ng pormal na edukasyon. Sa ganitong paraan, ang pag-aaral ay naglalayong makapag-ambag sa patuloy na pag-unlad ng panitikang Kapampangan at sa mas malawak na layunin ng pangangalaga at pagpapayaman ng pamana ng kulturang Kapampangan bilang mahalagang bahagi ng pambansang identidad ng Pilipinas.

**Suliranin ng Pag-aaral**

Sa kabila ng mayamang tradisyon ng panitikang Kapampangan, nananatiling hamon ang pagpapanatili at pagpapalawak ng paggamit ng *Amanung Kapampangan* sa larangan ng malikhaing pagsulat at akademikong pag-aaral. Sa paglipas ng panahon, maraming manunulat ang lumilipat sa paggamit ng Filipino o Ingles dahil sa mas malawak na oportunidad sa publikasyon at komersiyalisasyon. Dahil dito, nagiging limitado ang produksiyon ng panitikang nakasulat sa wikang Kapampangan at humihina ang transmisyon ng lokal na tradisyong pampanitikan sa mga bagong henerasyon.

Bagaman may mga inisyatiba at programang pangwika na naglalayong pasiglahin ang pagsusulat at paggamit ng wikang Kapampangan, nananatiling kulang ang sistematikong pagsusuri sa mga tematikong balangkas na maaaring magsilbing gabay sa pagpapalakas ng panitikang Kapampangan at sa paghubog ng mga bagong manunulat. Dahil dito, mahalagang pag-aralan ang mga umiiral na programang pangwika at pananaliksik upang matukoy ang mga estratehiyang maaaring magpalawak sa paggamit ng wikang Kapampangan sa panitikan at edukasyon.

Kaugnay nito, nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang dalawang pananaliksik na nagbunga ng mga tematikong balangkas hinggil sa pagtataguyod ng panitikan at wikang Kapampangan. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mahahalagang pananaw at rekomendasyon na makatutulong sa pagpapalakas ng Araling Kapampangan at sa patuloy na pangangalaga sa pamana ng kulturang Kapampangan sa Gitnang Luzon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies
(IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na maunawaan ang kalagayang pangwika at pampanitikan ng Kapampangan sa pamamagitan ng pagsusuri sa dalawang pananaliksik na nagbunga ng mga tematikong balangkas upang mapalalim ang pagsusulong ng Araling Kapampangan sa Gitnang Luzon.

**Mga Tiyak na Layunin**

Nilalayon ng pag-aaral na:

1. Maisalarawan ang nararapat na programang panliteratura batay sa tematikong balangkas mula sa isang aksiyong pananaliksik hinggil sa pagyakap ng mga manunulat sa *Amanung Kapampangan*.
2. Masuri ang tematikong balangkas na nabuo mula sa *Kapampangan Enhancement Activities Midyear Program Assessment* bilang isang proyektong aplikasyong pangwika ng Kagawaran ng Edukasyon sa Lungsod ng Angeles, Pampanga.
3. Maiugnay ang dalawang tematikong balangkas sa modernalisasyon ng pagtataguyod ng panitikan at wikang Kapampangan sa kasalukuyang panahon.

**Mga Katanungang Pananaliksik**

1. Paano maisasalarawan ang nararapat na programang panliteratura batay sa tematikong balangkas mula sa isang naisagawang aksiyong pananaliksik hinggil sa paggamit ng *Amanung Kapampangan*?
2. Paano masusuri ang tematikong balangkas na nabuo mula sa *Kapampangan Enhancement Activities Midyear Program Assessment* bilang isang proyektong aplikasyong pangwika?
3. Paano maiuugnay ang dalawang tematikong balangkas na ito sa modernalisasyon ng pagtataguyod ng panitikan at wikang Kapampangan sa kasalukuyang panahon?

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kualitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman (content analysis) upang suriin ang mga tematikong balangkas na nabuo mula sa dalawang naunang pananaliksik hinggil sa pagtataguyod ng wikang at panitikang Kapampangan. Ang pagsusuring pangnilalaman ay angkop na metodolohikal na lapit sa pag-aaral na ito sapagkat binibigyang-daan nito ang sistematikong pagsusuri ng mga tekstuwal na dokumento upang matukoy ang mga dominanteng tema, konsepto, at pananaw na may kaugnayan sa pagpapalakas ng panitikang lokal at sa pangangalaga ng wikang Kapampangan bilang bahagi ng pamana ng kulturang rehiyonal.

Sa pag-aaral na ito, sisipatin ang dalawang tematikong balangkas mula sa mga pananaliksik na naipresenta sa mga kumperensiya sa pananaliksik sa pampubliko at pampribadong sektor ng edukasyon. Ang mga pag-aaral na ito ay ang Transisyon sa Pagbagtas at Pagyakap bilang Manunulat sa Amanung Kapampangan (Cruz, 2018) at ang Kapampangan Enhancement Activities Midyear Program Assessment: A Concurrent Triangulation Approach (Calma at Cruz, 2019). Ang mga tematikong balangkas na nabuo mula sa mga pag-aaral na ito ay susuriin upang matukoy ang kanilang implikasyon sa modernalisasyon at pagpapalakas ng panitikang Kapampangan sa kontemporaryong panahon.

**Mga Pinagmulan ng Datos**

Ang pangunahing pinagmulan ng datos sa pag-aaral na ito ay ang dalawang dokumentadong pananaliksik na nagsilbing batayan ng pagsusuri. Ang mga pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga tematikong balangkas na may kaugnayan sa promosyon ng paggamit ng *Amanung Kapampangan* sa larangan ng panitikan at edukasyon. Sa konteksto ng pagsusuring pangnilalaman, ang mga dokumentong ito ang nagsilbing yunit ng pagsusuri upang maunawaan ang mga estratehiya at inisyatiba sa pagpapaunlad ng panitikang Kapampangan.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pagsusuring intertekstwal bilang instrumento sa pagsusuri ng mga dokumento. Ang pamamaraang ito ay hango sa balangkas ng pagsusuri sa wika at panitikan na inilahad nina Evasco et al. (2011). Sa pamamagitan ng intertekstwal na pagsusuri, sinuri ang ugnayan ng mga ideya, tema, at konseptong lumitaw sa dalawang pag-aaral upang matukoy ang mga magkakatulad at magkakaibang pananaw sa pagtataguyod ng panitikang Kapampangan.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies (IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri ng mga dokumentong pananaliksik na napili bilang pangunahing sanggunian ng pag-aaral. Una, kinilala at tinukoy ang mga tematikong balangkas na nabuo mula sa dalawang pag-aaral. Ikalawa, sinuri ang mga temang lumitaw mula sa mga dokumentong ito upang matukoy ang mga estratehiya sa pagpapalakas ng paggamit ng wikang Kapampangan sa panitikan at edukasyon. Ikatlo, pinagsama at inihambing ang mga tematikong balangkas upang makabuo ng isang sintesis o talangguhit na magpapakita ng kabuuang kalagayan ng wika at panitikang Kapampangan batay sa mga nasuring pag-aaral.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang mga nakalap na datos ay sinuri sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri (thematic analysis)**.** Sa prosesong ito, tinukoy ang mga pangunahing tema at konsepto na lumitaw mula sa dalawang pag-aaral. Ang mga temang ito ay inuri at inihambing upang makita ang kanilang ugnayan sa mga umiiral na diskurso hinggil sa modernalisasyon at pagpapalakas ng panitikang Kapampangan. Mula sa pagsusuring ito, nabuo ang isang sintesis na naglalayong ipakita ang mga posibleng direksyon sa pagpapaunlad ng panitikang Kapampangan at sa pagpapalaganap ng paggamit ng *Amanung Kapampangan* sa akademikong at kultural na larangan.


**Mga Konsiderasyong Etikal**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, isinasaalang-alang ang mga prinsipyong etikal sa pananaliksik. Bagaman ang mga dokumentong sinuri ay bahagi ng mga naunang pananaliksik na isinagawa ng mananaliksik, tiniyak na ang lahat ng sanggunian ay maayos na kinilala at binigyang kredito upang maiwasan ang plagyarismo. Ang mga ideya, datos, at tematikong balangkas na ginamit sa pagsusuri ay wastong binanggit sa listahan ng mga sanggunian. Higit pa rito, tiniyak na ang paggamit ng mga dokumento ay para lamang sa layuning akademiko at pananaliksik, bilang paggalang sa integridad ng mga naunang pag-aaral at sa pamayanang akademiko na nagsusulong ng pag-unlad ng Araling Kapampangan.

**RESULTA AT DISKUSYON**

*Pagsasalarawan ng Isang Nararapat na Programang Literatura sa Kontekstong Lokal*

Ang unang tematikong balangkas na ito ay buhat sa resulta ng pinaghalong kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik (mixed method) sa anyong sequential explanatory approach. Ang balangkas na ito ay naging awtput sa aksiyong dapat na gawin upang maparami ang mga manunulat sa panitikang lokal. Bilang karagdagan ay maging gabay sa pagganyak sa mga kabataang manunulat na suungin ang pagsulat sa Kapampangan bilang midyum ng kanilang pagbibigay halaga sa pagsulat ng panitikan.




Pigura 1: Tematikong Balangkas sa Transisyon sa Pagbagtas at Pagyakap Bilang Manunulat sa Amanung Kapampangan


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies
(IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

Ang tematikong balangkas ay suportado ng mga literaturang makabago pagdating sa pagtataguyod na mapaigting ang programang pampanitikan sa mga magtatangkang magsulat sa lokal na wika. Ang Transisyon ay magiging matagumpay kung may apat na mahahalagang suportang magiging pananggalang sa mga iba't ibang salik sa programa ng pagsulat ng panitikan sa lokal na konteksto katulad ng Kapampangan. Higit na magiging mahusay ang mga programang panliteratura kung titiyaking mabibigyang diin ang mga tatalakaying pundasyon sa matagumpay na transisyon ng pagbuo ng mga panitikang Kapampangan sa kasalukuyan. Isa-isahin ang mga suportang ito upang maunawaan ang mga pagkilos na nararapat gawin sa pagsigla ng panitikan.

Ang una ay ang Suportang Teknolohiya na kasabay ng makabagong pamamaraan na nakaangkla sa ika-21 pagtuturo na may laya pagdating sa mga karanasang ibabahagi upang maparami ang isinusulat sa lokal na wika. Napakahalaga nito lalo na ang mga bagong henerasyon ay hindi na masyadong nagsusulat sa papel bagkus naipapahayag ang mga damdamin sa pamamagitan ng elektronikong kagamitan tulad ng mobile phones, laptop at iba pang kaugnay nito. Mainam na rin na ang mga aklat sa panitikang Kapampangan ay mabilis na magalugad sa internet upang makapagbasa ang mga nagnanais na maging manunulat sa lokal na wika.

Ang Pangalawang pundasyon sa pagpaparami ng manunulat sa panitikang lokal ay ang mga gurong may mataas ang pagpapahalaga sa Kapampangan. Mahalaga ang pagtiyak na may mga gurong tagapagsubaybay upang makasabay pa rin sa tradisyonal na pagtuturo ng isahan at makapagbigay ng oryentasyon at instruksyon sa mga hahawakang mga manunulat. Nararapat din na paigtingin ang mga guro ang kanilang pagmamahal sa panitikang Kapampangan dahil kung hindi pararamihin ang mga guro na mangangalaga sa panitikan ay wala ring halaga ang mga adbokasiya sa panitikang lokal. Bilang karagdagan, ang napapansing nawawala sa mga pamantasan at mga kolehiyo sa rehiyong Kapampangan ay ang pagtataguyod sa pagbibigay daan upang mapag-aralan pa lalo ang panitikan. Gaya ng paglikha ng mga kurso sa pag-aaral ng Kapampangan bilang isang medyor sa masteral sa edukasyon upang magiging estratehiya na mapalakas ang panitikan sa pamamagitan ng ganitong kurso.

Ang ikatlong pundasyon na nararapat na tatandaan ay ang pagkakaroon ng sariling motibasyon sa pagsusulat lalo na sa lokal na wika, mapag-aralan upang magkaroon ng matinding disiplina sa pagsusulat at makahanap ng paraan upang malabanan ang mga iba't ibang emosyon (mood) na kanyang nagiging hadlang sa pagsulat. Madaling turuan ang isang kabataang Kapampangan na magsulat ng panitikan kung ito ay may interes sa ganitong linya. Maraming mga katalinuhan ang mga mag-aaral at yaong mga may talinong lingguwistiks ay tiyak na may sariling motibasyon na sa pag-aaral at pagsulat sa panitikang lokal. Magiging progresibo pa ang pag-iisip na makapagsulat ng makabago sa dahilan na mas malikot ang pag-iisip ng mga ito dahil sa katalinuhang taglay.

Ang huling pundasyon at pang-apat ay suportang manggagaling sa paaralan at komunidad na kasama na rito ang tahanan na siyang mahalagang lugar upang mas mapatibay ang kakayahan ng mga manunulat sa kanilang pag-aaral at pagpapayaman ng kanilang karanasan sa pagsulat ng panitikan sa wikang Kapampangan. Mabigyan din ng espasyo ang pagsusulat sa Kapampangan mula sa kaparaanan ng namamahala sa paaralan sa pamamagitan ng integratibong pagsama nito sa planong paaksyon na isinasagawa ng paaralan sa bawat taon. Mainam na maging pro-aktibo ang mga lider ng komunidad at mga paaralan sa ganitong mga adbokasyang katulad nito. Hindi gagalaw ang programa kung walang magiging suporta ang paaralan at komunidad. Magiging progresibo ang programang panliteratura kung mabibigyan din ng pondo ang mga ganitong adhikain bilang bahagi ng pagpapayaman ng panitikan ng Pampanga at karatig na lalawigan na may Kapampangan pang nagsasalita at nagsusulat.

Sa kabuuan, ang programang pampanitikan sa lokal na konteksto ay nararapat na may mayamang access sa teknolohiya ang mga kabataang Kapampangan sa dahilang ito na ang kanilang henerasyon. Ang programa ay nararapat ay may isang tagapagsubaybay na may marubdob na hangarin ding maparami ang produksyon ng panitikan. Ang mga manunulat ay may sariling motibasyon o pagganyak sa pagsulat nito at ang huli ay nararapat ng suporta ng paaralan bilang tagpuan ng karunungan at ang komunidad bilang bahagi ng paglikha ng mga polisiya sa pagtataguyod ng lokal na panitikan lalo na sa rehiyong Kapampangan.

*Pagsusuri ng Tematikong Balangkas sa Proyektong Aplikasyong Pangwika*

Malaking gampanin ang wika upang mapataas ang antas ng produksyon ng panitikan ng lugar kaya sa pangalawang tematikong balangkas ay susuriing isa-isa ang mga nararapat na bigyang pansin sa pagtuturo ng wika




ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies (IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

sa rehiyong Kapampangan upang maging pundasyon din ito sa aksyong nararapat na gawin ng mga tagapagtaguyod ng panitikan sa lokal na konteksto.




Pigura 2: Kapampangan Enhancement Activities (KEA) Midyear Program Assessment

Ang paggalugad sa pagpapatupad ng kurikulum para sa Batayang Edukasyon sa Mother Tounge Based Multilingual Education (MTB-MLE) ay kinakailangang paigtingin. Kaya naging mainam ang pagpapatulad ng isang Proyektong Aplikasyon sa Unang Wika na nagmula kay Calma at Cruz (2019) na tumutukoy sa tatlong salik na makatutulong upang mapahusay pa ang pagtuturo nito sa mga batang Kapampangan sa rehiyong kinabibilangan nito. Kinakailangang mabigyang pansin ang tatlong ito na buhat sa pag-aaral ng pagtataya sa mga ganitong programa sa sektor ng edukasyon. Ang tatlong salik ay isa-isahin upang mas lalong mapalawak ang mga ito na naging produkto ng mga pakikipanayam sa mga guro at punong-guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa mga paaralan. Ang mga salik ding naipon ay mula sa pagkukusa ng mga indibidwal na nagtataguyod din ng panitikang lokal.

Ang Alternative Options o mga alternatibong opsiyon ay isang mahalagang salik upang mapayaman ang pagtuturo. Ang produksiyon ng mga materyal sa pagtuturo at mapadami pa ang mga ito ay isang malaking gampanin upang maging buhay ang pagtuturo ng Kapampangan lalo na sa wika at maging sa panitikan. Ang pagdami ng mga materyal ay magiging tungunin ng Republic Act 10533 sa pagpapatupad ng Enhanced Basic Education Act of 2012 na kinakailangan ang suportang materyal at nararapat na gumawa ng aksiyon mula rito.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies (IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Ang Continuous Efforts o ang mga palagiang pagkukusa ay mainam upang maipagpatuloy ang pagtataguyod ng pagsusulat at pagsasalita sa wika at panitikang Kapampangan buhat sa pagpapatuloy na makapag-isip ng mga iba't ibang estratehiya, pansariling pagganyak ng gurong maging isa ring advocate ng wika't panitikan at pagsubaybay ng mga pamamahala't pinuno ng mga edukasyonal na mga institusyon. Nararapat na walang humpay ang pagbabantay at pagtatanda ng ganitong adbokasiya sa lahat dahil ito ang nagiging kaluluwa ng pag-angat ng wika at panitikan. Laging gising ang bawat isa upang maipagtanggol at maging matagumpay ang pagpapanatili ng produksiyon ng panitikan.

Ang Developmental Relevance o ang kahalagahang debelopmental ay isang napakahusay na salik sa pagtataguyod nito sa mga batang Kapampangan dahil nagiging tunguhin ito upang mapalinang ang personal, komunidad, kultura ng paaralan at wika na sa kalaunan ay magiging sandigan sa paglinang din ng panitikan. Ang natatangi sa ganitong salik na kung maraming nagsasalita at nagsusulat sa wikang tagalog bilang unang wika sa rehiyong Kapampangan ay nararapat na maituro ang wikang lokal bilang kanilang pangalawang wika o ang Kapampangan as a Second Language (KSL). Nagiging bahagi rin na kinakailangan ay may kulturang mapagpalaya ang mga paaralan sa pagsasalita ng lokal na wika at hindi ito nagiging restriksiyon dahil sa iba pang wikang panturo katulad ng Filipino at Ingles.

Sa Kabuoan, nagiging tiyak ang mga konsepto sa pagtataguyod ng wika sa pamamagitan ng ganitong balangkas. Mainam ding sinisipat sa mga programang at pangwika ang produksiyon ng mga materyal, ang walang humpay na pagkukusa na itaguyod ito at ang pagtuon sa kahalagahang debelopmental lalo na sa pagtuturo nito bilang pangalawang wika kung ang nagiging suliranin ang dumaraming nagsasalita ng Filipino at Ingles bilang unang wika ng mga batang Kapampangan. Samakatuwid, isa itong malaking gampanin sa pagpapalakas ng panitikan ang tatlong salik na ito upang maging konseptong pangkaisipan ang mga ganitong salik sa pagtataguyod ng wikang lokal sa rehiyong Kapampangan.


*Pag-uugnay dalawang tematikong balangkas sa modernalisasyon ng pagtataguyod ng panitikang Kapampangan sa kasalukuyan*

Ang dalawang tematikong balangkas ay pag-uugnayin upang maipakita na may malaking potensiyal ang mga tematikong balangkas sa umiiral na suliranin sa modernalisasyon ng pag-usad ng Wika at Panitikang Kapampangan. Ang isa pang pasalarawang talangguhit o pigura ay magpapakita sa isang panukalang magiging potensiyal na kasagutan upang magpatuloy ang panitikang Kapampangan. Ito rin ay upang maihain ang wika at panitikang ito bilang isang masiglang wika at panitikan na bahagi ng isang umiiral na pambansang identidad. Ang ganitong pagsasalarawan patungo sa pag-usad ng Kapampangan ang magiging daan ng kaisipan o way of thinking ng mga iskolar at edukador sa larangan ng pagpapaigting ng Wika at Panitikang Kapampangan.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies (IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312




*Pigura 3: Pag-usad ng Modernalisasyon sa Wika at Panitikang Kapampangan*

Batay sa dalawang tematikong balangkas na naipakita sa pigura 3 ay nagiging malinaw ngayon ang mga nararapat na mga konsepto upang umusad ng Wika at Panitikang Kapampangan ay magpatuloy ang pangangalaga nito sa mga susunod na henerasyon. Ang mga pundasyon sa pagpapayaman sa teknolohiya, marubdob na guro sa Kapampangan, sariling motibasyon ng Bagong Henerasyon ng Manunulat at Suportang Paaralan at Komunidad na mula sa unang tematikong balangkas ay may kaugnayan ito sa pagtingin sa pagpapalaganap ng panitikan na kinakailangang may kaisipang teknolohiya at inobasyon na binigyang pansin sa pangalawang tematikong balangkas ng pag-aaral. Malaki ring gampanin na kinakailangang may sariling pagkukusa at motibasyon ang mga kabataan at guro upang masipat ang palagiang pagkukusa at kahalagahang debelopmental na naipakita ng dalawang tematikong balangkas. Ang higit na mahalaga upang maitaguyod ang wika at panitikang Kapampangan ang suporta ng paaralan at komunidad na siya ring binigyang pansin sa kahalagahang debelopmental. Upang mabigyan ito ng isang malinaw na pahayag, pagkatapos ng paggalugad sa dalawang tematikong balangkas ay nabuo ang ganitong pahayag – Ang Pagtataguyod ay pag-unawa sa halaga ng wika at panitikang lokal sa awtentikong pag-unlad na kasabay ng pagiging inobatibo at may kakayahang teknolohiya na nagsisimula sa sarili, patungo sa pagkilos ng mga paaralan at pamayanan.

**Kongklusyon**

Batay sa isinagawang pagsusuring pangnilalaman sa dalawang tematikong balangkas, naging malinaw na ang pag-usad ng modernalisasyon ng panitikang Kapampangan ay nakaugat sa malalim na pag-unawa sa halaga ng wikang lokal bilang mahalagang bahagi ng identidad at pamana ng kulturang Kapampangan. Ipinakita ng pag-aaral na ang integrasyon ng teknolohiya, ang aktibong papel ng mga guro at institusyong pang-edukasyon, ang sariling


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Kapampangan Language, Culture, and Heritage Studies
(IJKLCHS)
P - ISSN: 3116-4390
E - ISSN: 3116-4404
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

motibasyon ng mga kabataang manunulat, at ang suporta ng paaralan at komunidad ay mahahalagang salik upang mapalakas ang produksiyon ng panitikang Kapampangan.

Higit pa rito, ipinapakita ng pagsusuri na ang mga programang pangwika at pang-edukasyon tulad ng mga inisyatiba sa Mother Tongue-Based Multilingual Education ay may mahalagang gampanin sa pagpapalaganap ng paggamit ng *Amanung Kapampangan* sa larangan ng panitikan at edukasyon. Sa ganitong paraan, ang pag-aaral ay nakapag-ambag sa dokumentasyon at pagsusuri ng mga estratehiya sa pagpapalakas ng wikang Kapampangan bilang bahagi ng pangangalaga sa pamana ng kulturang rehiyonal at sa pagpapayaman ng kabuuang panitikan ng Pilipinas.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay maaaring isaalang-alang:

1. Ang mga paaralan, pamahalaang lokal, at mga institusyong pangkultura ay may pagkakataong magtatag ng mga samahan o sentro ng panitikan na magsusulong ng iba't ibang anyo ng sining tulad ng pagsulat, pagguhit, pag-awit, at pag-arte upang mapalakas ang pagpapahalaga sa panitikang Kapampangan.
2. Ang mga institusyong pang-edukasyon at mga tagapagtaguyod ng panitikan ay may pagkakataong magsagawa ng mga proyektong panliteratura at publikasyon sa mga digital na plataporma at social media upang mapalawak ang abot ng panitikang Kapampangan sa mga kabataan at sa mas malawak na komunidad.
3. Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Mataas na Edukasyon (CHED) ay may mahalagang papel sa pagsuporta sa mga seminar, workshop, at pagsasanay sa pagtuturo ng panitikang Kapampangan mula sa antas elementarya hanggang sa antas gradwado upang mapalakas ang pag-aaral ng wikang at panitikang Kapampangan sa pormal na edukasyon.

## MGA SANGGUNIAN


Calma, W., & Cruz, R. (2019). *Kapampangan enhancement activities midyear program assessment: A concurrent triangulation design.* Department of Education, Division of Angeles City. https://www.slideshare.net/slideshow/presentation-of-sample-research-proposals/174730213

Cruz, R. (2013). *Pagsusuri sa mga piling tulang Kapampangan: Implikasyon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa Filipino* (Unpublished thesis). Angeles University Foundation. https://www.slideshare.net/slideshow/pagsusuri-sa-mga-piling-tulang-kapampangan/81619997

Cruz, R. (2018). *Transisyon sa pagbagtas at pagyakap bilang manunulat sa amanung Kapampangan.* Department of Education, Division of Angeles City. https://www.slideshare.net/slideshow/transisyon-sa-pagbagtas-at-pagyakap-bilang-manunulat-sa-amanung-kapampangan-full/139904531

De Ungria, R. (2009). Enriching knowledge by publishing in the regional languages. *Asiatic: IIUM Journal of English Language and Literature, 3*(1), 28–39. https://journals.iium.edu.my/asiatic/index.php/AJELL/article/view/68/53

Evasco, E., Navarro, A., Ortiz, W., Rodriguez-Tatel, M. J., & Antonio, L. (2011). *Saliksik: Gabay sa pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan at sining.* C & E Publishing. https://www.goodreads.com/book/show/13078110-saliksik

Gallardo, J., & Mercado, R. (1981). *Iyas ning parnaso: Katitipunan ding kasulatan a migwagi king liligan pamanyulat Kapampangan, 1980–1981.* https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-1685594773857410671

Mallari, J. (2021). *Tuglung: Kapampangan journal.* National Commission for Culture and the Arts. https://mcc.edu.ph/post/ncca-features-tuglung-an-anthology-of-kampampangan-writings




ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!